

LUNGSOD NG HENDERSON

TANONG NUM. 1

Dapat bang pahintulutan ang Lungsod ng Henderson na magpataw ng karagdang buwis ng ari-arian na \$.06 sa bawat \$100 na tinasang halaga sa loob ng 30 taon, na magsisimula sa Hulyo 1, 2025, para sa layuning mapahusay ang kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng pagpapabilis sa pagtugon, kabilang ang mga pang-emerhensiyang medikal na serbisyo sa Departamento ng Bumbero ng Henderson? Ang isang boto na OO, ay nagbibigay ng pahintulot hanggang \$27,500,000 para sa pangkalahatang obligasyon sa bono sa layuning pagpapatayo ng mga bagong pasilidad at modernisasyon ng mga kasalukuyang pasilidad, at magbibigay ng karagdang kita na magagamit para suportahan ang mga operasyon, pagpapanatili, mga tauhan, at pangangailangan sa kagamitan ng Departamento ng Bumbero ng Henderson.

Para sa mga may-ari ng bahay na nagkakahalaga ng \$100,000 ang kabuuang pagpapataw ay tinatanyang magresulta ng karaniwang pagtaas sa buwis ng ari-arian na humigit-kumulang \$21 bawat taon. Ang anumang buwis ng ari-arian na ipinataw bilang awtorisadad sa pamamagitan ng tanong na ito ay ibubukod mula sa mga limitasyon sa buwis na itinakda ng lehislatura noong 2005 na sesyon kung maaprubahan ito.

Oo

Hindi

PALIWANAG AT SUMARYO

PALIWANAG - Kung maaaprubahan, ang panukalang ito sa balota ay magresulta sa pagtaas ng ipinapataw na buwis sa may-ari ng ari-arian sa Lungsod ng Henderson ng anim na sentimo (\$.06) sa bawat \$100 na tinasang halaga, na magresulta sa tinatayang pagtaas na \$21.00 bawat taon sa buwis ng ari-arian para sa may-ari ng isang bagong bahay na nagkakahalaga ng \$100,000. Sa kabuuang ipapataw na buwis ng ari-arian na iminungkahi, isang sentimo (\$.01) sa bawat \$100 na tinasang halaga ang gagamitin para bayaran ang \$27,500,000 para sa pangkalahatang obligasyon sa bono na gagamitin sa pagpapatayo ng mga bagong pasilidad at modernisasyon ng mga kasalukuyang pasilidad para sa Departamento ng Bumbero ng Henderson. Ang matitirang limang sentimo (\$.05) sa bawat \$100 na tinasang halaga ay magbibigay ng karagdang kita na gagamitin para suportahan ang mga kasalukuyang operasyon, kabilang ang mga pang-emerhensiyang medikal na serbisyo, pagpapanatili, mga tauhan, at pangangailangan sa kagamitan ng Departamento ng Bumbero ng Henderson para sa layuning pagpapabilis sa pagtugon. Ang terminong ito ng bono at pataw na buwis ng ari-arian ay papairalin nang 30 taon.

Ang isang boto na “Oo,” ay magpapahintulot sa Konseho ng Lungsod ng Henderson hanggang \$27,500,000 para sa pangkalahatang obligasyon sa bono sa layuning pagpapatayo ng mga bagong pasilidad at modernisasyon ng ilang istasyon ng bumbero sa susunod na ilang taon at magbibigay ng karagdagang kita para suportahan ang mga operasyon, pagpapanatili, mga tauhan, at pangangailangan sa kagamitan ng Departamento ng Bumbero ng Henderson sa layuning mapahusay ang kaligtasan ng publiko at mga pang-emerhensiyang medikal na serbisyo.

Ang isang boto na “Hindi,” ay magresulta ng walang bagong mapagkukunang kita na magagamit ng Lungsod ng Henderson upang pondohan ang mga pagpapatayo at modernisasyong proyekto ng Departamento ng Bumbero ng Henderson. Ang isang boto na “Hindi,” ay nangangahulugan din na walang karagdagang kita para sa mga operasyon, pagpapanatili, mga tauhan, kagamitan, at proyektong pinaplano para matiyak na epektibo ang oras ng pagtugon sa Lungsod ng Henderson, kabilang ang pang-emerhensiyang medikal na serbisyo.

KABUUAN - Kung maaaprubahan, ang panukalang ito sa balota ay magbibigay ng bagong pampublikong kita sa pamamagitan ng buwis ng ari-arian. Ang ipapataw na buwis ng ari-arian na matatagpuan sa loob ng Lungsod ng Henderson ay pinataas ng Tagasuri ng Lalawigan ng Clark. Ang iminumungkahing tanong ay hindi magdaragdag, magbabago, o magpapawalang bisa ng anumang umiiral na batas.

MGA ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS

Bumoto ng *OO*. Ang Henderson ay isang premyadong komunidad, na may premyadong Departamento ng Bumbero, na pinapatunayan ng limang magkakasunod na akreditasyon sa Commission on Fire Accreditation International (CFAI). Tanging 23 lang na Departamento ng Bumbero sa U.S. ang nakatanggap ng 5 akreditasyon.¹

Dahil sa premyadong katayuan ng Lungsod, ang populasyon ng Henderson ay lumago ng husto mula sa 284,968 noong 2014 hanggang sa 343,791 noong 2024.^{2,3} Tantiyadong lalago pa ang populasyon ng Henderson hanggang 374,700 sa 2029.³ Hindi pa kasama dito ang halos 900,000 na kataong bumibisita sa ating Lungsod bawat taon.⁴

Ang bilang ng mga tawag sa serbisyo at medikal na transportasyon na natatanggap ng Departamento ng Bumbero ay naapektuhan ng pagtaas ng populasyon. Ang bilang ng mga tawag ay tumaas mula 34,263 hanggang 42,184, o 23.1%,⁵ at ang mga medikal na transportasyon ay tumaas mula 19,146 hanggang 23,818, o 24.4%,⁶ sa nakalipas na limang taon. Patuloy lang tataas ang mga istatistikang ito habang lumalaki ang populasyon ng Lungsod. Kasabay ng pagtaas ng populasyon, kakailanganin ng Departamento ng Bumbero na kumuha ng karagdagang bumbero at mga paramedic upang mapanatili ang premyadong departamento at magbigay ng mahusay at napapanahong serbisyo sa ating komunidad. Kailangan din nila ng karagdagang kagamitan at istasyon ng bumbero upang masakop ang lumalagong lugar ng Henderson.

Sa kasalukuyan, walang nakalaang daloy ng pagkakakitaan para sa Departamento ng Bumbero.⁷ Bawat taon, kailangan nitong makipagkumpitensya para sa badyet kasama ang 16 na iba pang mga Departamento ng Lungsod. Sa pagboto ng Oo, magpapataw ng minimal na dagdag sa buwis na \$0.06 sa bawat \$100. Sa minimal na dagdag na ito, magkakaroon ng nakalaang mapagkukunan ng kita, na mahigpit na ilalaan para suportahan ang mga kinakailangang pagdaragdag sa mga tauhan at kagamitan para sa mga kinakailangang serbisyo ng Departamento ng Bumbero. Pipigilan nito ang Departamento ng Bumbero na humiling ng paglipat ng pondo mula sa ibang Departamento ng Lungsod, na kapaki-pakinabang din sa mga residente ng Henderson. Kasabay nito, dahil sa mababang buwis ng ari-arian sa Henderson, sa kabila ng pagtaas na ito, ang buwis ng ari-arian ng Henderson ay mananatiling isa sa mga pinakamababa sa mga premyadong lungsod sa Nevada, na \$0.83,⁸ mas mababa pa sa pambansang average na \$0.99.⁹

Ang Departamento ng Bumbero ay may kasaysayan ng pagiging isang mahusay na tagapangasiwa ng pampublikong pondo, na pinatunayan ng kamakailang pagkilala ng Nevada Taxpayer Association (NTA) sa 2023 Cashman Good Government Award, na kumikilala sa napakahusay na stewardship ng dolyar ng mga nagbabayad ng buwis.¹⁰ Sa nakalaang bagong daloy ng pagkakakitaang ito, mapagkakatiwalaan natin ang Departamento ng Bumbero na patuloy na gagamitin ang ating pera sa tamang paraan.

Bumoto ng OO. Sa buwis na ito, matitiyak natin na ang lahat ng residente ng Henderson ay patuloy na makatanggap ng agarang pang-emerhensiyang serbisyo, propesyonal, at premyadong pamamaraan.

Ang pangangatwirang pabor sa pagsasabatas sa itaas ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayang pabor sa tanong na ito na nakasaad sa NRS 293.217. Mga miyembro ng komite: Jason Andoscia— Chairperson, Douglas Hedger, at Heather Stamer.

1. Henderson Fire Department Annual Response Report 2023, page 16.
2. Clark County Department of Comprehensive Planning Report 8/2023.
3. www.WorldPopulationReview.com.
4. City Department of Economic Development estimate.
5. Henderson Fire Department Annual Response Report 2023, page 7.
6. Henderson Fire Department Annual Response Report 2023, page 14.
7. Information provided by Asst. City Manager's office/CFO.
8. NV Dept. of Taxation/Local Government Finance/Property Tax Rates for NV Local Governments FY 2023-2024.
9. Yahoo.com/news (KLAS articles 4/16/2024).
10. City of Henderson Finance Department Recognitions, page 2.

SAGOT SA MGA ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS

Ang pahayag ng Mga Argumentong Pabor sa Pagsasabatas na nabanggit sa itaas ay hindi nakatulong sa mga sumasalungat sa pagtaas ng buwis ng ari-arian. Tumpak na binabanggit ng mga tagapagsulong ng OO ang pagkilalang iginawad sa ating Departamento ng Bumbero dito sa Henderson sa nakalipas na limang magkakasunod na taon. Ipinagmamalaki rin namin ang Departamento ng Bumbero, hindi lang para sa mga nakamit nito, pero lalo na sa

kakayahan nitong manatiling epektibo habang gayunpaman ay nagpapatakbo sa loob ng isang itinatag na badyet. Para sa mga sumasalungat sa nasabing bagong buwis, malinaw na patunay ito sa kakayahan ng departamento para sa pagpapatakbo sa loob ng presubscribed, naaprubahan, at tinanggap na badyet. Tulad lang ito ng pagsubok na kinakaharap nating lahat - ang epektibong mapagkasya ang ating badyet. Bilang paglilinaw, ang mistulang maliit na pagtaas na \$.06 ay karagdagan pa sa kasalukuyang rate na \$.7708, ibig sabihin, ang magiging bagong rate ng buwis ng ari-arian ay \$.8308 SA BAWAT \$100 na tinasang halaga, na tutukuyin ng Tagasuri ng Buwis ng Lalawigan. Sa madaling sabi, ang isang bahay na may halagang \$100,000 ay magbabayad ng karagdagan \$21 bawat taon ng buwis ng ari-arian; ang halagang \$300,000 ay magbabayad ng karagdagan \$63 bawat taon; ang halagang \$500,000 ay magbabayad ng karagdagan \$105 bawat taon.

Para sa amin: HUWAG TAASAN ANG BUWIS.

Ang sagot na kontra sa argumentong pabor sa pagsasabatas sa itaas ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayang hindi pabor sa tanong na ito na nakasaad sa NRS 293.217. Mga miyembro ng komite: Richard Smith- Chairperson, Marilyn Ann Armanino, Timothy Brooks.

MGA ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Hangad ng Lungsod ng Henderson na taasan ang ating buwis *para mapahusay ang kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng pagpapabilis sa pagtugon, pati para sa mga pang-emerhensiyang medikal na serbisyo, ng Departamento ng Bumbero ng Henderson.*

Ang mga hindi pabor sa Tanong sa Balota Num. 1 ay hindi nagpapahiwatig bilang awtoridad sa kung paano pinakamahusay na mapapabuti ang kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng pagpapabilis sa pagtugon para sa emerhensiyang medikal at pagtugon sa sunog. Walang alinlangan na ang mabilis na paglaki ng ating Lungsod ay lumikha ng maraming pangangailangan para sa karagdagan at pagpapahusay ng mga serbisyo; gayunpaman, ang posibleng pagtaas ng buwis ng ari-arian ay magdudulot ng karagdagan pabigat sa buwis sa panahon na ang implasyon at pagtaas ng mga presyo ay patuloy na nababawasan ang ating kapangyarihan sa pagbili.

Lahat ng mga may-ari ng ari-arian ay nagbabayad ng buwis sa ari-arian. Sa pangkalahatan, taunang nagbabayad ang mga may-ari ng residensyal/bahay, sa oras na makatanggap ng pahayag sa buwis na dapat bayaran mula sa tanggapan ng Tagasuri ng Lalawigan. Ang halagang babayaran ng may-ari ng bahay ay batay sa *tinasang halaga ng bahay*. Ang tinasang halaga ay 35% ng merkadong halaga ng isang bahay, na itinatag ng Tagasuri ng Lalawigan. Sisingilin ang may-ari ng bahay sa rate na .7708 para sa bawat \$100 na *tinasang halaga*. Ngayon, gustong taasan at gawing .8308 ng Lungsod ang rate na iyon mula sa .7708, na magpapataas sa ipinapataw na buwis ng humigit-kumulang \$21 bawat taon para sa bawat \$100,000 ng halaga ng bahay. Para sa bahay na may halagang \$300,000, magresulta ang pagtaas sa humigit-kumulang na \$63 bawat taon.

Malinaw, ang may-ari ng ari-arian ang direktang pinansiyal na maaapektuhan sa pagtaas na ito. Bukod pa dito, 30 taon ipapatupad ang pagtaas na ito, nang walang garantiya mula sa mga paghiling ng karagdagang pagtaas sa buwis ng ari-arian sa mga susunod na taon.

Ang isang magandang aspeto ng paninirahan sa Henderson ay ang mas mababang buwis ng ari-arian na .7708 kapag ikinumpara sa iba pang munisipalidad. Kapag nawala ang kalamangang ito sa buwis, mawawala ang nasasabing benepisyo, na makakaapekto sa pagiging abot-kaya ng pabahay, at sa tuluy-tuloy na paglago ng ekonomiya ng ating Lungsod. Malinaw, at sa kabila ng dahilan sa likod ng kahilingan para sa pagtaas ng buwis, walang may-ari ng ari-arian ang gustong magbayad nang mas malaki sa pamamagitan ng buwis sa ari-arian. Magalang na iminumungkahi ng mga sumasalungat sa pagtaas ng buwis ng ari-arian na tingnan ng Lungsod kung makakakuha ito ng karagdagang pondo para mapahusay ang pagtugon sa mga pang-emerhensiyang serbisyo sa pamamagitan ng muling paglalaan at muling pagbibigay-prioridad sa kasalukuyang badyet.

Ang argumentong hindi pabor sa pagsasabatas sa itaas ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayang hindi pabor sa tanong na ito na nakasaad sa NRS 293.217. Mga miyembro ng komite: Richard Smith- Chairperson, Marilyn Ann Armanino, Timothy Brooks.

SAGOT SA MGA ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Ang implasyon ay nakaapekto sa ating lahat, pati sa ating Departamento ng Bumbero, na nagresulta sa paglaki ng gastusin para sa mga sahod ng mga tauhan, trak ng bumbero, kagamitan, at mga bagong istasyon ng bumbero, kabilang ang mga pagdaragdag at pagremodel.¹ Bukod sa kahalagahan ng sapat na bilis ng pagtugon sa pagprotekta ng kalusugan, buhay, at kaligtasan ng ating komunidad, tutulong din ito sa mga may-ari ng ari-arian sa pamamagitan ng pagbawas sa pinsala sa ari-arian kapag mas matagal ang pagtugon, at maiiwasan ang pagkalat ng sunog sa mga katabing gusali.² Para sa mga may insurance ng ari-arian, kadalasan, nagresulta ang mas mabilis na pagtugon sa mas mababang premyadong insurance, na makakatulong sa pagbawas ng gastusin sa pagmamay-ari ng bahay.³

Sa kasalukuyan, ang Departamento ng Bumbero, taliwas sa Departamento ng Pulisya, ay napipilitang makipagkumpitensya sa iba pang Departamento ng Lungsod para sa naaangkop na pondo. Papalakihin nito ang posibilidad na magkulang sa pondo ang isang departamento, na direktang makakaapekto sa ating kaligtasan at kapakanan. Sa tulong ng nakalaang kita, makakaasa ang ating komunidad na makakamit natin ang kaligtasang nararapat mula sa ating premyadong komunidad sa halagang wala pang \$3.00 bawat buwan para sa isang may-ari ng bahay na mayroong gitnaang merkadong halaga na \$482,000.⁴

Ang pagboto ng OO sa tanong na ito sa balota ay magbibigay-daan para sa pagkakaroon ng Departamento ng Bumbero na nakapagbibigay ng mabilis na tugon na magiging kapaki-pakinabang sa ating buong komunidad, pati sa mga may-ari ng real estate.

Ang sagot sa argumentong hindi pabor sa pagsasabatas sa itaas ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayang pabor sa tanong na ito na nakasaad sa NRS 293.217. Mga miyembro ng komite: Jason Andoscia— Chairperson, Douglas Hedger, at Heather Stamer.

1. <https://www.nvfc.org/new-survey-finds-volunteer-fire-departments-have-been-adversely-impacted-by-inflation/>
2. <https://link.springer.com/article/10.1007/s10694-019-0087Q-4?fromPaywallRec=true>
3. <https://lvt.ai/blog/on-the-road/emergency-response-times-your-homeowners-insurance/>
4. <https://www.zillow.com/home-values/11867/henderson-nv/>

INAASAHANG EPEKTONG PINANSIYAL

Ang kabuuang pataw na buwis ng ari-arian na anim na sentimo (\$0.06) sa bawat \$100 na tinasang halaga ay inaasahang magresulta sa pagtaas ng buwis ng ari-arian sa average na \$21 bawat taon para sa may-ari ng isang bagong \$100,000 na bahay. Sa kabuuang pataw ng buwis sa ari-arian, ang rate ng buwis ng ari-arian na ipapataw para bayaran ang 27,500,000 na pangkalahatang obligasyon sa bono ay inaasahang magiging isang sentimo (\$0.01) sa bawat \$100 na tinasahang halaga sa loob ng 30 taong termino. Ang rate ng interes ay inaasahang magiging 6.0% at ang kabuuang pagbabayad sa bono ay inaasahang magiging \$59,575,700, na binubuo ng \$32,075,700 na interes at \$27,500,000 na prinsipal ng bono. Puwedeng maging mas mataas o mas mababa sa pagtataya sa itaas ang aktwal na rate ng interes at repayment sa bono, depende sa mga rate ng interes at iba pang tuntunin ng bond sa panahon ng pagbebenta sa mga bono. Ang matitirang limang sentimo (\$0.05) sa bawat \$100 na tinasang halaga ay magbibigay ng karagdagang kita na gagamitin para suportahan ang mga operasyon, kasama ang mga pang-emerhensiyang medikal na serbisyo, pagpapanatili, mga tauhan, at pangangailangan sa kagamitan ng Departamento ng Bumbero ng Henderson para mapabilis ang pagtugon. Tatagal ang kabuuang pataw na ito sa buwis ng ari-arian nang 30 taon. Kung aaprubahan ng mga botante ang tanong na ito, ang anumang ipapataw na buwis ng ari-arian ayon sa pahintulot ng tanong na ito ay lalabas sa mga limitasyon sa pananagutan sa buwis ng ari-arian ng isang nagbabayad ng buwis (ad valorem) na itinakda ng Lehislatura ng Nevada noong 2005.